



Nakasulat na Materyal

Matatagpuan sa iba't-ibang mga wika ang hanay ng impormasyon tungkol sa mga paksang kanser sa www.cancervic.org.au o kaya tawagan ang Cancer Council Helpline (Linyang Pantulong sa Konseho ng Kanser) sa **13 11 20** (Ingles) at **13 14 50** (para sa impormasyon sa iyong wika) upang mapadalhan ka ng libreng impormasyon.

Cancer Council Helpline (Linyang Pantulong sa Konseho ng Kanser)

Kung ikaw ay isang pasyente, miyembro ng pamilya o kaibigan na nakapagsasalita ng Ingles, tawagan ang Linyang Pantulong sa Konseho ng Kanser sa **13 11 20**.

Impormasyon sa kanser sa iyong wika

Mayroon ka bang mga katanungan tungkol sa kanser?

Makipag-usap nang kumpidensyal sa isang nars para sa kanser na taga-Cancer Council.

Ang aming mga mapagkaibigang nars para sa kanser ay maaaring:

- magpadala sa iyo ng impormasyon tungkol sa kanser.
- magpaliwanag ukol sa mga pagsusuri at paggamot sa kanser sa isang paraang madaling maintindihan.
- makipag-usap tungkol sa iyong nararamdaman, anumang mga ikinatatakot o sa iyong mga katanungan.
- magbigay ng impormasyon tungkol sa mga serbisyong makakatulong kabilang ang tulong pambatas at pampinansya.



Mga Grupong Pansuporta sa Kanser

Inaanyayahan ang mga pasyente at kapamilya na dumalo sa mga grupong pansuporta. Talakayin ang iyong karanasan sa kanser sa kaiga-igayang kapaligiran. Maaaring may isang grupo sa iyong lugar na nagsasalita ng iyong wika.



Libreng mga sesyong pang- impormasyon

Ang mga sesyong pang-impormasyon tungkol sa kanser ay ibinibigay sa wikang Ingles sa mga pasyente at kapamilya. Sa ibang mga sesyon, maaaring humiling ng isang interpreter. Nagdudulot ang mga sesyong ito ng impormasyon ukol sa pamumuhay nang may diyagnosis na sakit na kanser.

Multilingual Cancer Information Line (Multilinguwal na Linyang Pang-impormasyon Ukol sa Kanser)

Makipag-usap sa isang nars para sa kanser, sa pamamagitan ng isang interpreter.

Tawagan ang **13 14 50** sa halaga ng lokal na tawag (maliban sa mga teleponong mobile), Lunes hanggang Biyernes, ika-9 n.u - 5 n.g. at sundin ang mga hakbang na ito:

- Sabihin ang wikang nais ninyo.
- Maghintay sa linya para sa isang interpreter (maaaring umabot nang hanggang 3 minuto).
- Hilingin sa interpreter na tawagan ang Cancer Council Victoria Helpline (Linyang Pantulong sa Kanser ng Konseho sa Victoria) sa 13 11 20.
- Ikokonekta ka sa isang interpreter at nars para sa kanser.



Cancer Connect (Konekta sa Kanser)

Makakagamit ang mga pasyente at kapamilya ng Cancer Connect (Konekta sa Kanser) kung nais makipag-usap sa taong dumaan na sa kaparehong karanasan sa kanser. Maaaring maidulot ito sa iyong wika o sa pamamagitan ng isang interpreter.



Mga Grupong Pansuportang sa Telepono at Internet

Nagbibigay ang Cancer Council (Konseho ng Kanser) ng pagkakataon sa mga taong may-sakit na kanser at kapamilya nito para ibahagi sa iba ang kanilang mga karanasan at impormasyon sa kanser sa pamamagitan ng telepono o Internet.

“Ang pakikipag-usap sa isang nasa katulad ng aking sitwasyon ay nagbigay daan upang madama ko na hindi ako nag-iisa. Ito ay napakalaking tulong.”